

## Mahihinang Manggagawa

*Maraming uri at laki ang mahihinang manggagawa. Kadalasan, inuugnay ng mga tao sa kapansanan ang pagiging mahina. Bagaman ang isang taong may kapansanan ay maaaring mas madaling mapinsala sa trabaho, hindi ito ang tamang depinisyon ng mahinang manggagawa. Hindi lang naaangkop sa isang grupo ang salitang mahinang manggagawa. Ang ilang manggagawa ay mas madaling mapinsala sa trabaho, minsan dahil sa mga hadlang sa wika o dahil sa edad at/o kawalan ng karanasan.*

Maraming uri at laki ang mahihinang manggagawa.

### **Ano ang hitsura ng mahinang manggagawa?**

Kadalasan, inuugnay ng mga tao sa kapansanan ang pagiging mahina. Bagaman ang isang taong may kapansanan ay maaaring mas madaling mapinsala sa trabaho, hindi ito ang tamang depinisyon ng mahinang manggagawa.

Hindi lang naaangkop sa isang grupo ang salitang mahinang manggagawa. Ang ilang manggagawa ay mas madaling mapinsala sa trabaho, minsan dahil sa mga hadlang sa wika o dahil sa edad at/o kawalan ng karanasan.

### **Ano ang depinisyon ng mahinang manggagawa?**

Ayon sa Canadian Centre for Occupational Health and Safety (CCOHS), ang mahihinang manggagawa, bata, bago, matanda, pati ang mga migrante/ imigranteng manggagawa ay hindi proporsyon na kinukuha sa trabaho sa mga trabaho na kailangan ng pisikal na paggawa o mapanganib. Inilalagay sila nito sa mas mataas na panganib para sa mga pinsala at karamdaman sa trabaho.

Ang mahihinang manggagawa ay mga manggagawa na may mas maraming pagkakalantad kaysa sa karamihan sa pinsala at karamdaman dahil sa kanilang kakulangan sa karanasan, pag-aalinlangan na magtanong, mga hadlang sa komunikasyon at uri ng trabaho.

Maaaring kasama sa iba pang mga salik ang:

- Lumipat kamakailan sa Manitoba mula sa ibang lalawigan/bansa
- Kakasimula lang ng kanilang unang trabaho
- Kakabalik lang sa trabaho pagkatapos ng mahabang pagliban
- Walang naaangkop na dokumentasyon at/o mga refugree
- Walang sapat na mga kakayahan sa wikang Ingles

### **Mga batang manggagawa**

Tinutukoy ng Safe Work Manitoba ang batang manggagawa bilang mga tao na nasa pagitan ng mga edad na 15 hanggang 24 na taon. Ang mga manggagawang ito ay mas malamang na magkaroon ng seryosong indisente sa trabaho kaysa sa mas matatandang nasa hustong gulang, dahil sa ilang iba't ibang dahilan:

- Kakulangan sa karanasan at kadalasan kulang sa pisikal at pangkaisipang maturity. Dahil dito, maaaring mali ang kanilang maging pag-kaunawa sa tindi ng mga panganib sa kaligtasan at kalusugan (at ang mga kaugnay na panganib) sa trabaho. Dahil bago sila sa kapaligiran ng trabaho, maaaring hindi nila alam ang mga panganib na nauugnay sa mga peligro.



- Maaaring maipalagay nila nang mali na ligtas ang ginagawa ng iba, o na nag-operate sa ligtas na paraan ang kanilang mga supervisor o mas nakatataas na empleyado. Ang mga pagpapalagay na ito ay maaaring humantong sa pangmatagalang mga gawi ng pagtatrabaho sa hindi ligtas na paraan.
- Maaari rin silang malantad sa hindi magandang mga kondisyon sa trabaho na humahantong sa pagkakaroon ng mga karamdaman mula sa trabaho habang sila ay bata pa o sa kalaunan sa buhay.

### **Matandang manggagawa**

Sa kabilang banda, mayroon kaming matandang manggagawa. Matagal nang nagtatrabaho sa kumpanya ang manggagawang ito at marahil ay naging kampaante na habang ginagawa ang kanyang trabaho.

Bagaman ang mas matatandang manggagawa ay hindi gaano malamang na magkaroon ng mga insidente sa trabaho sa pangkalahatan, kaysa sa mas batang mga manggagawa, ang mga insidente na kinabibilangan ng mas matandang mga manggagawa ay malamang na magresulta sa mas seryosong mga pinsala, permanenteng mga kapansanan, o kamatayan, kaysa sa mas batang mga manggagawa.

- Ang mas matandang mga manggagawa ay maaaring makaranas ng mas maraming pagkadulas, pagkadapa at pagkahulog o pagtumba kaysa sa mas batang mga manggagawa, at mas matagal na gumaling mula sa pinsala.
- Dahil sa takot na mawalan ng trabaho, ang mas matandang mga manggagawa ay maaaring nag-aalinlangan na ibahagi sa kanilang mga employer ang mga alalahanin sa kalusugan na may kaugnayan sa edad, tulad ng huminang paningin o pandinig, na maaaring maging panganib sa kalusaugan at kaligtasan.
- Maaaring mas mahirapan din sila dahil sa paggamit ng bagong teknolohiya o mga bagong pamamaraan.

### **Mga Bagong Manggagawa (bagong trabaho, migrante/imigrante)**

Ang mga bagong manggagawa ay iba sa mga batang manggagawa dahil hindi sila ngayon pa lang pumapasok sa trabaho.

- Maaaring nagsisimula sila ng trabaho sa bagong lalawigan o bansa, kaya maaaring iba ang mga panuntunan at pamamaraan sa hurisdiksiyon, pati ang wika.
- Maaaring bumabalik sa trabaho pagkatapos lumiban sa pagpasok tulad ng maternity leave o pinalat at posibleng nagbago ang mga kondisyon at pamaraan na iyon.
- O maaaring nagtatrabaho sila sa parehong kumpanya, ngunit sa bagong trabaho na may iba't ibang gawain o ibang lokasyon. Dahil dito, maaaring nahaharap sila sa mga bagong panganib na hindi nila napaghandaan o hindi sila sapat na nasanay.

Dapat sumailalim ang mga manggagawang ito sa orientation program at magkaroon ng pagkakataong suriin at talakayin ang kanilang pagbalik sa trabaho, tukuyin ang anumang bagong panganib na may kaugnayan sa trabaho, magtanong ng anumang tanong at tumanggap ng naaangkop na pagsasanay.



**» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.**

Telepono: 204-632-6600 | Email: [info@rpmsafety.ca](mailto:info@rpmsafety.ca) | Web: [www.rpmsafety.ca](http://www.rpmsafety.ca)

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5

## **Mga Kinakailangan sa Pagsasanay para sa Iba't ibang Mga Grupo**

### *Pagsasanay ng mga batang manggagawa:*

Bilang bagong manggagawa, maaaring mayroon kayong mga tanong tungkol sa trabaho ninyo. Kung hindi kaso sigurado sa anumang bagay, palaging hilingin sa inyong employer o supervisor na isa-isahin ang anumang mga pamamaraan o kasanayan hanggang sa maging kumportable kayong magpatuloy. Humingi ng feedback mula sa iyong supervisor o instructor para masigurong ginagawa ninyo nang tama ang mga gawain. Siguruhiing suklat na suklat sa inyo ang personal na kagamitang pamproteksyon (personal protective equipment, PPE) at ipapakita sa inyo kung paano ito suotin, linisin, at itago nang maayos.

- Magtanong sa mga may karanasan nang empleyado at/o sa inyong supervisor tungkol sa mga panganib sa trabaho,
- Alamin kung ano ang dapat gawin sa emergency na sitwasyon, tulad ng fire alarm o kapag nawalan ng kuryente,
- Humingi ng kopya ng mga panuntunan sa kalusugan at kaligtasan, kung hindi pa kayo nabigyan nito,
- Sundin ang lahat ng pag-iingat para sa kaligtasan,
- Iulat kaagad ang anumang insidente o hindi ligtas na mga kondisyon sa inyong supervisor.

### *Pagsasanay ng mga matandang manggagawa:*

Maaaring iba sa mas matandang mga manggagawa ang mga kinakailangan sa pagsasanay. Dahil ang pag-aaral ay batay sa nakaraang karanasan, ang pagsasanay ay maaaring kailanganing ibatay sa mas “praktikal.” Dapat ipaliwanag ang mga bagong kakayahan sa paraan na akma sa nalalaman na nila.

Maaaring mas matagal ang pagsasanay kaysa sa mas batang mga manggagawa. Maaari ring mangailangan ng mas maraming tulong o pagsasanay. Gayunpaman, ayon sa maraming pag-aaral, maaaring walang kaibahan sa kung gaano kahusay magtatrabaho ang isang tao kapag natuto na siya. (Pinagkunan: CCOHS)

### *Pagsasanay ng mga bagong manggagawa o migrante/imigrante:*

Kasama sa iba pang mga mabisang paraan ng pagsasanay para sa mga bagong manggagawa ang:

- Hands-on o praktikal na pagsasanay (bago simulan ang aktwal na trabaho),
- Pagme-mentor ng mga may karanasang manggagawa,
- Mga programa para sa apprentice,
- Nakasulat na mga pamamaraan sa kaligtasan na malinaw at maikli,
- Oras para magsanay at pagkakataong magtanong at makakuha ng feedback,
- Mga programang nakasulat sa tahasang tinig (active voice) na may malinaw na mga instruksyon,
- Paggugrupo ng mga kagamitan o gawain na may magkakatulad na tungkulin.

## **Mga responsibilidad ng employer**

- Ayon sa batas, responsible ang mga employer at supervisor sa pagbibigay ng pagsasanay sa kaligtasan at orientation sa lahat ng manggagawa na magsisimula ng bagong trabaho o tatanggap ng mga bagong gawain;
- Magtalaga ng naaangkop na trabaho. Iwasang magtalaga ng mga trabaho sa mga manggagawang walang karanasan na nangangailangan ng matagal na pagsasanay, maraming responsibilidad, kritikal o mapanganib na mga gawain, o na kailangang magtrabaho nang mag-isa;
- Sabihin sa mga manggagawa na huwag gumawa ng anumang gawain hangga't hindi sila nasasanay nang maayos;
- Magbigay ng detalyadong pagsasanay sa kagamitan, mga feature sa kaligtasan, at mga sistema sa pagkontrol;

- Sabihin nang malinaw at madalas sa manggagawa ang tungkol sa mga gawain sa trabaho, uulitin at kukumpirmahin ang pagsasanay na ito sa unang ilang linggo ng trabaho;
- Ibigay at ituro ang tama at ligtas na paggamit ng PPE;
- Magbigay at panatilihin gumagana nang maayos ang mga kagamitan, tool, at PPE.

## **Mga Responsibilidad ng Manggagawa**

Kailangang sumunod ng mga manggagawa sa lahat ng patakaran at pamamaraan sa kaligtasan sa trabaho at kunin ang lahat ng kinakailangang pagsasanay para magawa nang ligtas at walang panganib ang kanilang trabaho.

## **Mga Karapatan ng Manggagawa**

Kailangang malaman ng lahat ng manggagawa ang kanilang mga karapatan:

- Ang karapatang malaman kung anong mga panganib ang mayroon sa trabaho at kung paano poprotektahan ang kanilang mga sarili,
- Ang karapatang lumahok sa pagpapanatiling maayos at ligtas sa kanilang trabaho at karapatang mag-ulat ng hindi ligtas na mga kondisyon at kasanayan,
- Ang karapatang tumanggi sa mapanganib o hindi ligtas na trabaho, sinisigurong susundin ang mga partikular na pamamaraan kapag ginagawa ito.

## **Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!**

Makakatulong ang aming Advisory at Training team sa mga payo at template para gumawa ng programa para sa kaligtasan at kalusugan. Maaari rin naming pangasiwaan ang pagsasanay para matukoy ang mga panganib at magsama ng mga kontrol para maiwasan ang mga pinsala.

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro sa RPM lang. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!

Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa [info@rpmsafety.ca](mailto:info@rpmsafety.ca) o pagtawag sa 204-632-6600, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na [www.rpmsafety.ca](http://www.rpmsafety.ca).

